
Pagtalakay:

Aralin 1 Kahulugan at Konsepto ng Kultura

Ang wika ay kadikit ng kultura. Hindi maihihiwalay ang Filipino bilang wika sa Pilipino bilang kultura. Batay sa papel na isinulat ni Gaileo Zafra (2016) ang wika ay nasa lahat ng aspekto ng kultura. Kumakatawan ito sa lahat ng anyo ng karunungan at konsepto ng kultura gaya ng produkto, praktika, tao, pamayanan, at pananaw. Maging sa iba't ibang larang tulad sosyolohiya, agham, sining, at marami pang iba.

Unawain ang dayagram sa kasunod na pahina:



Pigura 1. Konsepto ng Kultura

Kultura bilang atip ng karunungan Pilipino. Mayroon dalawang uri ng kultura (Delmirin, 2012):

1. **Materyal na kultura** - uri ng kultura na tumutukoy sa mga bagay na nakikita at nahahawakang pisikal. Nabibilang dito ang mga kasangkapan, kasuotan, kagamitan, bahay, at pagkain.
2. **Di-materyal na kultura** - uri ng kultura na tumutukoy sa paniniwala, kaugalian, panitikan, musika, sayaw, relihiyon, pamahalaan, tradisyon, at katutubong karunungan ng isang grupo o indibidwal.

This study source was downloaded by 100000892086212 from CourseHero.com on 10-20-2024 06:34:56 GMT -05:00

https://www.coursehero.com/file/77657021/Pagtalakaydocx/

Wika ang may malaking bahagi sa usapin ng kultura. Wika ang nagbibigay ng katuturan sa lahat ng konsepto na mayroon ang kultura. Ang tao ay may kakabit na wika, at gayundin ang iba pang konsepto tulad ng produkto, pamayanan, pananaw, at praktika. Wika ang nagbibigay ng kahulugan at konsepto sa kultura. Kung gayon, malaki ang papel ng wika sa pagtataguyod at pagpapanatili ng kultura. Sa madaling sabi, wika ang nagsisilbing repositoryo ng kultura (Salazar, 1996)—na kung mawawala ang wika ay maaaring ring mawala ang kultura. At kung mawala ang kultura ay nangangahulugan ito ng pagkawala ng identidad at karunungang Pilipino.

Para malaman at maunawaan ang kultura, kailangang suriin ang wika. Sabi nga ni Lumbera bilang pagpapahalaga sa wikang Filipino: Taglay ng wika ang mga kaisipang minana sa mga ninuno at ang mga kaisipang pumasok sa lipunan sa pamamagitan ng mga babasahin at panooring galing sa labas ng Pilipinas, gayundin ang mga kaisipang pinalitaw ng mga tagisan at pagtatalo ng mga palaisip na Pilipino at dayuhan. Kapag sinasabing may “henyo” ang wika, hindi talinghaga lamang ang kasabihan. Kapag binungkal ang wikang ngayo’y kinagawian na nating ituring na isa lamang instrumento, isang dulang ng kaalamang hindi pa natin naaarok ang mabubuksan sa atin (Lumbera 2005:264).

Mula rito, ugatin natin ang ilang depinisyon ng kultura. Ayon kay Rubrico (2009) ang kultura ay tumutukoy sa kabuoang pananaw ng mga tao sa isang lipunan sa mundo, at sa kanilang kapaligiran. Ang pananaw na ito ay hango sa paniniwala, tradisyon, uri ng pamumuhay, at sa iba pang bagay na nag-uugnay sa kanila at nagpapatibay ng bigkis ng pagkakaisa na siyang nagpapalaganap ng kanilang pangkalahatang diwa, pananaw, kaugalian, at adhikain. Malinaw na ang kultura ay batay sa pamumuhay at karunungan ng tao.

Mula naman sa depinisyon ng kultura ni Patrick R. Moran sa kaniyang aklat na Teaching Culture: Perspectives in Practice (2001), “Ang kultura ay isang patuloy na nagbabagong paraan ng pamumuhay ng isang grupo ng mga tao o pamayanan, binubuo ng pinagsasaluhang mga praktika o gawaing nakaugnay sa pinagsasaluhang mga produkto, batay sa pinagsasaluhang mga pananaw sa mundo, at nakalugar sa tiyak na mga panlipunang konteksto” (Salin ni Galileo Zafra mula sa kahulugan ng Kultura ni Patrick Moran).

> *Culture is the evolving way of life of a group of persons, consisting of a shared set of practices associated with a share*
>
> *d set of products, based upon a shared set of perspectives on the world, and set within specific social contexts.*

This study source was downloaded by 100000892086212 from CourseHero.com on 10-20-2024 06:34:56 GMT -05:00


https://www.coursehero.com/file/77657021/Pagtalakaydocx/

Malinaw sa kahulugan ni Patrick Moran (2001) na ang kultura ay masaklaw na paksa na sumasalamin sa pinagsasaluhang karunungan, produkto at kaugalian ng tao na kabilang sa isang espesipikong lipunan. Mula sa kahulugan ng kultura ni Patrick Moran (2001), tinukoy ni Galileo Zafra ang konsepto ng kultura batay sa lokal na karunungan ng mga Pilipino.

Ayon sa kaniya, dinamiko ang kultura, at ang patuloy na pagbabago ng kultura ay nakadepende sa tuloy-tuloy na proseso ng aktibong paglikha at pagbabago ng **produkto, praktika, pananaw**, at **pamayanan**. Bukod sa nabanggit na konsepto ng kultura ni Zafra, maituturing ding konsepto ng kultura ang **wika** bagaman nakapaloob ito sa ibang konsepto. Sa lingguwistikong usapin, ang pagkakaiba at pagkakahawig ng mga salita, tono, at punto ay sumasalamin din sa kultura ng bawat lugar at grupo. Sa kabuoan, mayroong anim (6) na konsepto ng kultura na tatalakayin sa paksang ito gaya ng sumusunod:

Unahin na natin ang paliwanag/depinisyon ng mga konseptong mula sa pananaliksik ni Zafra (2016).

Produkto. Tumutukoy ito sa lahat ng bagay na nilikha ng mga miyembro ng kultura, kasama na iyong mula sa kapaligiran at iyong inangkin mula sa banyagang kultura. Saklaw nito ang mga nahahawakang bagay tulad ng kagamitan, pananamit, gusali hanggang sa mas komplikado ngunit dinaranas pa ring mga likha tulad ng iba’t ibang sining hanggang sa mga institusyon tulad ng pamilya, edukasyon, ekonomiya, politika, at relihiyon. Produkto rin ng kultura ang wika.



Halimbawa:

Mangga na natatanging produkto sa probinsiya ng Guimaras, gayundin tanyag din sa bansa ang Mangga ng Zambales. Dahil sa mga produktong ito ay nagkaroon na sila ng mga pista na bahagi ng kanila kultura gaya ng Dinamulag Festival sa Zambales at Manggahan Festival sa Guimaras. Ang pagtatanyag ng produkto sa mga nasabing probinsiya ay manipestasyon lamang ng pagmamalaki ng taga-Guimaras at taga-Zambales sa lasa ng kanilang mga tanim na mangga kompara sa tanim na mangga mula sa ibang lugar bansa.



Praktika. Mga ginagawa ng mga miyembro ng kultura nang mag-isa

" Ang larawan ng Mangga ng Guimaras mula sa Guimaras Mango Festival - Gastro Obscura - Atlas Obscura." Na-access noong 26 Agosto 2020 sa https://www.atlasobscura.com/foods/guimaras-mango-festival.

This study source was downloaded by 100000892086212 from CourseHero.com on 10-20-2024 06:34:56 GMT -05:00

https://www.coursehero.com/file/77657021/Pagtalakaydocx/



man o magkakasama. Kabilang dito ang paggamit ng komunikasyon, mga gawaing iniuugnay sa mga grupon ng mga produkto.

Halimbawa:

> Pagmamano sa mga matatanda ay bahagi ng kultura na karaniwang ginagawa pa rin ng mga Pilipino sa panahon ngayon. Bahagi ito ng kultura ng mga lahat ng Pilipino na nagpapakita ng pagbibigay galang sa mga matatanda.

Isang ring halimbawa ay ang sabay-sabay na pagkain ng buong pamilya dahil sa ganitong paraan nabubuo ang ugnayan at relasyon ng isang pamilya. Sa ganitong sitwasyon mas nagkakaroon ng kumustahan at pag-uusap ang bawat miyembro ng pamilya.

Pananaw. Mga persepsiyon o pagtingin (kung ano ang nabubuong idea batay sa obserbasyon), paniniwala (kung ano ang ipinapalagay na tama at mali), pagpapahalaga (kung ano ang ipinapalagay na mabuti at masama), at saloobin na nagiging batayan ng paglikha ng mga produkto at gumagabay sa mga tao at pamayanan sa paglikha at pagdanas nila ng kultura. Ang mga pananaw na ito ay maaaring hayag o nakatago. Pinagmumulan din ang mga ito ng kahulugan at siyang nagbibigay ng natatanging pagtingin o oryentasyon sa buhay—isang pananaw sa daigdig.

Halimbawa nito ay ang paniniwala ng mga Pilipino ay ang mahigpit na pagbabawal sa pagtayo sa pintuan o daanan lalo na kung may buntis loob ng bahay dahil naniniwala ang mga Pilipino na maaaring mahirapan ang buntis sa kaniyang panganganak. Sa paliwanag ng mga matatanda, ang pagtayo ng isang tao sa pintuan ay nakahaharang sa espasyong maaaring labasan ng isang tao na naihahalintulad din ito sa panganganak ng buntis na maaaring lumabas ang sanggol mula sa sinapupunan ng kaniyang ina. Ang ganitong paniniwala o pananaw ay nabubuo bunga ng konsepto ng pamilya na lubos na pinahahalagahan ng bawat Pilipino. Ayaw nilang mapahamak ang mahal nila sa buhay na lalo kung ito ay kadugo. Kaugnay rin nito, ang paggalang sa matatanda ay hindi lamang maipapaliwanag sa mga praktika gaya ng pagmamano, kundi maipapaliwanag din sa pananaw na ang paggalang sa matatanda ay isa rin paraan upang matamo ang paggalang sa iba pang batang indibidwal sa paglipas ng panahon.

tiyak ng

" Ang larawan ng kultura ng pagmamano mula sa @aunzome1989 Instagram post "Mano ... - Picuki.com." Na-acessed 26 Agosto 2020 sa https://www.picuki.com/media/2186529959538138992

Pamayanan. Tumutukoy sa mga na panlipunang konteksto at grupo mga taong nagsasagawa ng mga

This study source was downloaded by 100000892086212 from CourseHero.com on 10-20-2024 06:34:56 GMT -05:00

https://www.coursehero.com/file/77657021/Pagtalakaydocx/

panlipunang gawain. Saklaw nito ang malalawak at pabago-bagong hugis na mga pamayanan tulad ng bansa, kasarian, lahi, relihiyon, uri, henerasyon hanggang sa mas makikitid na pagpapangkat gaya ng lokal na partidong politikal, samahan, pamilya. Ang mga pamayanang ito ay sabayang umiiral sa loob ng isang pambansang kultura at may iba't ibang ugnayan sa isa't isa: separasyon, kooperasyon, kolaborasyon, tunggalian.

Halimbawa:

> Ang kabuoan ng bansa ay isang halimbawa ng pamayanan na may sariling kultura. Naiiba ang kultura ng mga Pilipino pagdating sa usapin ng pagkain, pananamit, awitin, at maraming pang iba kompara sa ibang lahi.



Larawan ng mga katutubong Ayta ng Gitnang Luzon. Ang larawan ay mula "SBMA cites Ayta contributions to Freeport development." Na-access noong 26 Agosto 2020 sa http://www.sbma.com/news/2012/10/03/sbma-

Isa ring halimbawa ay ang katutubong grupo ng mga Ayta ng Floridablanca, Pampanga na naiiba ang tradisyon, paniniwala at pamumuhay kompara sa mga hindi katutubo gaya ng Kapampangan at Tagalog o kahit ibang katutubong grupo sa bansa. Sa mga Ayta ng Floridablanca, pangunahing ikinabubuhay ng kanilang pangkat ay karaniwang nakasandig sa kalikasan gaya ng pagtatanim, pangingisda, at pangangaso, at pangunguha ng pulot-pukyutan. Ang mga nakukuhang pagkain ng mga Ayta ay karaniwang para lamang sa kanilang pamilya, bagaman may ilang miyembro ng pamayanan na nagbebenta ng kanilang mga sobrang pagkain sa kapuwa Ayta. Ang kultura ng mga Ayta ay malayo sa uri ng hanapbuhay ng mga Tagalog at Kapampangan na karaniwang ay nakatuon sa serbisyo at produkto. Bukod sa kanilang hanapbuhay, natatangi din ang kanilang tradisyon at paniniwala sa dakilang lumikha at espiritu ng kanilang mga yumaong kaanak. Mayroon silang kinikilalang diyos na iba sa kinikilala ng mga Tagalog at Kapampangan.[1] Maaaring sa ibang katutubong grupo sa bansa ay parehas sila ng konsepto ng hanapbuhay at paniniwala ngunit tiyak na naiiba naman ang kanilang proseso at ritwal.

Tao. Tumutukoy sa mga indibidwal na miyembro ng kultura at mga pamayanan. Nananahan ang kultura sa mga indibidwal na tao at sa iba't ibang

1Batay ito sa personal na panayam sa mga katutubo a, Pampanga noong taong 2016. Tinatawag ng mga Ayta Mag-indi ang lumikha at tagapagbantay.



Ang larawan ay mula "Ano ang Kultura?

This study source was downloaded by 100000892086212 from CourseHero.com on 10-20-2024 06:34:56 GMT -05:00

https://www.coursehero.com/file/77657021/Pagtalakaydocx/

panlipunang grupo o pamayanan para isagawa ang kanilang pang-araw-araw na buhay. Ang kultura, kung gayon, ay kapuwa indibidwal at kolektibo. Ang paglahok nila sa kultura ay hinuhugis ng iba’t iban salik gaya ng kasarian, edad, uri, lahi, etnisidad, edukasyon, relihiyon.

Halimbawa:

> Mula sa halimbawa ni Zafra (2016) sa mag-asawang namamalengke. Sino ang umaamoy, bumubusisi, nakikipagtawaran? Sino ang nagbibitbit ng mga pinamili? Kung amo’t kasambahay naman ang magkasama, ano ang ginagawa ng amo at ano ang ginagawa ng kasambahay? Sa panig naman ng nagtitinda, kapag magkasama sa puwesto ang may-ari at ang kaniyang tindero o tindera, sino ang nagpapasiya kung magbibigay ng tawad o kung magbibigay ng dagdag? Isinasama ba ang mga bata sa palengke? May maoobserbahan bang *pattern* kung ano ang itinitinda ng mga lalaki o babae—karne, gulay, o prutas?

At panghuli at dagdag na konsepto ay ang...

Wika. Sa ganang una, ang wika ay kakabit na ng lahat ng idea at konseptong umiiral sa kultura at tao. Bawat wika sa bansa ay may impresyon ng kanilang identidad o kultura. Mababakas sa ginagamit na wika ang mayamang kasaysayan, panitikan, at kultura ng isang etnolingguwistikong pangkat. Karaniwang sa paggamit ng wika mababakas ang lipunang kinabibilangan ng isang indibidwal gaya ng paraan ng pagsasalita (punto at tono) at pagpapakahulugan sa mga salita.

Halimbawa na lamang sa wikang Hiligaynon na ang karaniwang impresyon ay mga malalambing dahil sa tono at punto ng kanilang pagsasalita. Naiuugnay ang paraan ng pagsasalita ng mga Ilonggo sa kanilang kultura at katangian ng mga taong naninirahan na karaniwang mahinahon at malalambing kausap.

Isa ring halimbawa sa usapin ng wika na may kaugnayan sa kultura ay ang pagkakaroon ng mga natatanging salita na mula sa isang wika, halimbawa na lamang ay ang salitang *payyo* na mula sa mga wika ng Ifugaw. Tumutukoy ang terminong payyo sa bukirin ng palay na tila hagdan na pataas sa bundok. Ilan lamang ito sa mayamang terminong pangkabuhayan sa pagsasaka at pagtatanim ng mga Ifugaw sapagkat ito ang kalikasan ng kanilang lugar at kultura. Naiiba ang *payyo* ng mga Ifugaw kung ikokompara sa *palayan* ng mga Tagalog na karaniwang patag lamang ang mga bukirin ng palay. Halimbawa rin

This study source was downloaded by 100000892086212 from CourseHero.com on 10-20-2024 06:34:56 GMT -05:00

https://www.coursehero.com/file/77657021/Pagtalakaydocx/

dito ang kultura ng Pilipino at Ingles, mas mayaman termino ng mga Pilipino pagdating sa usapin ng agrikultura kompara sa Ingles. Patunay na rito ang mayaman salin o katumbas ng Filipino sa salitang Ingles na *rice*--maaari itong maisalin sa bigas, palay, kanin at ibang pang salin sa ibang katutubong wika.

Samantala sa Filipino ay limitado lamang ang konsepto sa salitang yelo kumpara sa Ingles na marami--tulad ng ice, snow, glacier, iceberg, hailstorm etc. Dagdag pa ang terminong *salvage* na magkaiba ang pagpapakahulugan sa dalawang wika-Ligtas sa wikang Ingles at pinatay naman sa wikang Filipino.

Ang mga konseptong natukoy sa itaas ay batay sa anumang paksang pangkultura na bunga sa karanasan, at patuloy na umiiral at nagbabagong pananaw, gawi, at estruktura na ginagamit ng mga tao na kabilang sa isang pamayanan o etnolingguwistikong pangkat. Ang mga konseptong ito ay maituturing na Sagisag Kultura ng bansa na kumakatawan sa mayamang kultura ng Pilipinas. Maaaring sanggunian ang websayt ng Philippine Cultural Education upang matunghayan ang iba't ibang sagisag kultura mula sa materyal hanggang sa di-materyal na kultura bansa.

Malinaw na malawak at holistiko ang paksang kultura. Saklaw nito ang kabuoang konsepto ng pagka-Pilipino. Hindi lamang limitado ang usapin ng kultura sa mga katutubong pamayanan, o sa mga bayan-bayan, maging mga taong naninirahan sa urbanisadong lugar ay bahagi pa rin ng kultura ng pagka-Pilipino. Bagaman bawat lipunan, lugar, tao o grupo ay may kaniya-kaniyang natatanging kultura na bahagi ng pansarili at pambansang pagkakakilanlan. Sa pangkalahatan, magkakaugnay ang lahat ng konsepto ng kultura, sa pamamagitan ng malalim na pagsusuri at pagtingin sa ugnayan ng mga ito ay higit na mauunawaan ang kabuluhan at malalim na kahulugan ng kultura ng bansa.

This study source was downloaded by 100000892086212 from CourseHero.com on 10-20-2024 06:34:56 GMT -05:00

https://www.coursehero.com/file/77657021/Pagtalakaydocx/